REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

**Tanggapan ng Sangguniang Bayan**

# KAPASIYAHAN BILANG 91-212

KAPASIYAHAN NA NILILIKHA ANG KOMITE NG PAGSUSURI SA PAGSOSONANG LOKAL (LOCAL ZONING REVIEW COMMITTEE) PARA SA BAYAN NG MUNTINLUPA AT NILILIKHA ANG KOMPOSISYON AT MGA TUNGKULIN NITO AT ANG PAGLALAAN NG LAANG-GUGULIN SA HALAGANG ISANG DAAN PITUMPU'T TATLONG LIBO AT DALAWANG DAAN PITUMPU'T SIYAM NA PISO (P173,279.00) NA MAGMUMULA SA GENERAL FUND PARA SA GASTUSING OPERASYONAL.

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay pinagtibay ang kapasiyahan bilang 91-200 na binibigyan ng kapangyarihan ang Punong Bayan na magsagawa ng panibagong pagsosona ng bayan upang makasunod sa napakabilis na mga pag-unlad na umiiral sa bayan sa kasalukuyan at ang dating kautusang bayan sa pagsosona na ginawa pa noong 1981 ay hindi na tumutugon sa pangkasalukuyang pangangailangan ;

SAPAGKAT, alinsunod sa mga magkakatulad na patnubay (uniform guidelines) sa panibagong pagsosona ng buong Kalakhang Maynila na pinagtibay ng Pangasiwaan ng Kalakhang Maynila (Metro Manila Authority), kinakailangan na malikha ang Local Zoning Review Committee para sa layuning paghahanda ng mga kaukulang pagtatasa/rekomendasyon sa panibagong pagsosona;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay pinagpasiyahan na lumikha ng Local Zoning Review Committee para sa Bayan ng Muntinlupa at ang mga sumusunod ay ang komposisyon at tungkulin nito :

A. Tanggapan ng Punong Bayan- Gaganap bilang Tagapangulo ng Komite

A.1 Tanggapan ng Pambayang Plano't Pagpapaunlad- Tinitiyak na umaayon sa mga lokal na plano

A.2 Sangguniang Bayan - Tinitiyak na umaayon sa mga kautusang bayan at umiiral na panukalang limitasyon ng Metro Manila Zoning Ordinance

B. Housing & land Use Regulatory Board ( HULRB ) - Tinitiyak na ang mga patnubay, pamantayan, tuntunin at patakaran ay nasusunod

K. Pangasiwaan ng Kalakhang Maynila - tinitiyak na umaayon sa planong pagpapaunlad ng Kalakhang Maynila at tumutugma sa mga kalapit na bayan

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

**Tanggapan ng Sangguniang Bayan**



D. Pribadong Sektor - nagbibigay ng mga impormasyon sa mga epekto o resulta ng panukalang panibagong pagsosona.

PINAGPASIYAHAN pang muli, ang paglalaan ng laang-gugulin sa halagang Isang Daan Pitumpu't Tatlong Libo at Dalawang Daan Pitumpu't Siyam na Piso (P173,279.00) na magmumula sa General Fund para sa gastusing operasyonal.

PINAGTIBAY NG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA sa kanilang pang 169th regular na pulong na ginanap ngayong ika 2 ng Setyembre, 1991 sa Bulwagan ng People's Center.

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan/Pangulong Opisyal

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang.Punong Bayan/Pang.Pangulong Opisyal

KGG. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. NEMESIO O. MOZO
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. NOLASCO E. DIAZ
Konsehal

KGG. VICENTE YU CHUA
Konsehal

PINATOTOHANAN:

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PBS/vts